# PANSUPORTANG PABAHAY
SA VANCOUVER



Nagtutulungan ang BC Housing at ang Lungsod ng Vancouver upang matugunan ang mga kritikal na pangangailangan ng mga taong nakararanas, o nanganganib na mawalan, ng tirahan sa Vancouver.

Canada CMHC SCHL BC HOUSING CITY OF VANCOUVER

## Bagong kumportable at ligtas na mga tahanang may suporta na nasa
Southeast Marine Drive sa Beatrice Street




**Nakakaranas ng krisis sa pabahay ang Vancouver at mahigit sa 2,000 tao sa buong lungsod ang nakakaranas ng kawalan ng tirahan. Patuloy na itinuturing na pangunahing prayoridad ng BC Housing at ng Lungsod ng Vancouver ang pagtatayo ng mga kumportable at ligtas na tahanang may mga suporta para sa mga taong nakakaranas, o nasa panganib na mawalan, ng tirahan sa ating mga komunidad.**

Nagmumungkahi ang BC Housing at Lungsod ng Vancouver na magtayo ng isang gusaling tirahang may anim na palapag na may humigit-kumulang 72 bagong tahanang may mga suporta sa 1925 Southeast Marine Drive.  Ang mga tahanang ito ay magiging para sa mga nasa hustong gulang, senior, at taong may kapansanan na nakararanas, o nasa panganib, ng kawalan ng tahahan nang may prayoridad para sa mga tao sa lokal na komunidad.

- Lahat ng yunit ay gagawing studio apartment na may sariling banyo at kusina
- Hindi kukulangin sa 5% ng mga tahanan ang lubos na mapupuntahan nang nakadisenyo para umangkop sa mga residente anuman ang kakayahan
- Magkakaroon din ng mga amenidad sa gusali gaya ng labahan, kainan, espasyo para sa programa, at paradahan
- Kapag naaprubahan, ang gusaling ito ay pamamahalaan ng The Kettle Society, isang establisadong non-profit na tagapagbigay ng pabahay na sumusuporta sa mga tao sa higit 400 abot-kaya at nakasuportang mga tahanan sa Vancouver

## Paglipat sa 1925 Southeast Marine Drive

| Pebrero 2022 | Marso 2022 | Tagsibol 2022 | Tagsibol 2022 | Taglamig 2022/2023 | Taglamig 2022/2023 | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| PANAHON PARA SA PAGKOMENTO NG PUBLIKO | MGA TALAKAYAN SA KAPITBAHAYAN | APLIKASYON PARA SA MULING PAGSONA NA ISINUMITE SA LUNGSOD NG VANCOUVER | BIRTUWAL NA BUKAS NA BAHAY NG LUNGSOD NG VANCOUVER | PAMPUBLIKONG PAGDINIG | PASYA NG KONSEHO NG LUNGSOD SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA | **Kapag naaprubahan, magsisimula ang pagtatayo sa kalagitnaan ng 2023.** |

***OPINYON NG PUBLIKO SA MUNGKAHI***

***OPINYON NG PUBLIKO SA APLIKASYON SA MULING PAGSONA***

***OPINYON NG PUBLIKO SA PAMAMAGITAN NG WEBSITE NA 'PAG-USAPAN NATIN ANG PABAHAY' AT ANG TELEPONO AT EMAIL NG TAGAPAG-UGNAY NG KOMUNIDAD***

*Ang mga petsa sa timeline ay pagtantiya at maaaring magbago.*

Nakatuon ang BC Housing at ang Lungsod sa pagsusulong ng aplikasyon para sa muling pagsona upang mapaunlad ang partikular na lugar na ito.

Sa pamamagitan ng proseso ng pagpapaunlad ng Lungsod ng Vancouver, nais naming makatanggap ng feedback mula sa komunidad tungkol sa mga sumusunod na aspeto ng mungkahi sa kaunlaran, kabilang ang:

- Mga elemento ng disenyo ng gusali at ng lugar, gaya ng mga pailaw at landscaping
- Lokal na representasyon para sa Komite sa Pagpapayo ng Komunidad o Community Advisory Committee (CAC)
- Mga ideya kung paano suportahan ang tagumpay ng mungkahing gusali

## Mga oportunidad para sa opinyon ng komunidad

### Panahon para sa pagkomento ng publiko

Puwedeng rebyuhin at magbigay ng mga komento ang komunidad sa mungkahing pag-unlad mula:

**Pebrero 21 hanggang Marso 18, 2022**

Para makapagbigay ng feedback sa panahong ito, pakibisita ang:

letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine

*Kapag nagsumite ng aplikasyon para sa muling pagsona, magkakaroon ng dagdag na proseso ng pampublikong konsultasyon na pangungunahan ng Lungsod*

### Mga Sesyon ng Talakayan sa Kapitbahayan

Iniimbitahan ang mga kapitbahay ng mungkahing mga pabahay na mas matuto pa sa pamamagitan ng sesyon ng talakayan sa maliit na grupo. Kung interesado ka, mangyaring mag-sign up para sa **isa** sa mga sumusunod na sesyon:

- **Marso 8: 6 PM hanggang 7:30 PM**
- **Marso 9: 6 PM hanggang 7:30 PM**

Para magparehistro, bumisita sa: letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine

** Parehong impormasyon ang ipapakita sa parehong sesyon*

Translated materials available at letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine

Ang mga naisaling materyales ay mahahanap sa letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine

ਅਨੁਵਾਦਿਤ ਸਮੱਗਰੀ letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine 'ਤੇ ਉਪਲਬਧ ਹੈ

翻譯版本材料可在 letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine 上找到

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang letstalkhousingbc.ca/vancouver-marine**
Maaabot ang Tagapag-ugnay ng Komunidad sa communityliaison@bchousing.org o sa pagtawag sa 604-829-9321 Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9 AM at 4 PM.